Pangalan: ___________________________________________________________________


Petsa Nang Nagsimula: ______________ Petsa Nang Natapos: _____________ Marka: _______

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**

**Pagsusunod-sunod ng mga Pangyayari sa Kuwento**

**I. PANUTO: Basahin at unawain ang kuwentong "Ang Leon at ang Daga" pagkatapos ay sagutin pagsasanay sa ibaba.**

## Ang Leon at ang Daga



Isang hapon, bago lumubog ang araw, nahuli ni Leon si Daga na patakbo-takbo sa loob ng tinutulugang kuweba. Matapos takutin ni Leon si Daga sa pamamagitan ng malakas na ungol na dumagundong sa buong kuweba, tumigil sa pagtakbo si Daga. Itinaas ang dalawang kamay at nagwika, "Parang habag mo na, kaibigang Leon. Huwag mo na akong kainin, hindi ka naman mabubusog sa akin dahil maliit lamang ako!" ang giit pa nito. Tila naantig ang damdamin ni Leon, naupo ito at pinagmasdan ang maliit na si Daga. Lumamlam ang kaniyang mga mata at ilang sandali pa'y pinagsabihan si Daga, "Hindi mo na kailangang magmakaawa. Huwag mo na lamang uuliting gumawa ng kaluskos habang ako'y natutulog. Sige, maaari ka nang lumabas ng aking kuweba," susog pa nito. Natutuwa na tumakbong palabas si Daga.



Nang sumunod na araw, habang paikot-ikot si Leon sa kagubatan, nabigla siya nang tila isang malaking hawla ang sumalubong sa kaniya. Bago pa man siya makakilos ay naikulong na siya rito.

Isang malaking lambat ang sumilo kay Leon. Ito ay patibong ng mga mangangaso sa kagubatan. Iniwan ng mga mangangaso si Leon na nakakulong sa lambat. Itinali nila ang lambat sa isang malaking puno upang balikan kalaunan. Nakatulog si Leon sa pagod. Maya-maya'y naalimpungatan siya dahil tila may humihila sa lambat ngunit wala naman siyang makitang tao.

"Leon, heto ako sa iyong paanan, huwag kang maingay at baka marinig ka ng mga humuli sa iyo. Huwag ka na ring mag-alala, dahil gagawa ako ng paraan upang matulungan kang makawala sa pagkakakulong dito sa lambat," ang mahinang sambit ni Daga. "Paano mo naman iyan gagawin?" ang tanong ni Leon.



Walang ano-ano'y, sinimulang kagat-kagatin ng daga ang mga hibla ng lambat. Gamit ang matutulis niyang ngipin, nginatngat nang nginatngat ni Daga ang lambat hanggang sa lumaki na ang butas nito at kaya nang kumawala ni Leon.

Ilang sandali pa ang lumipas ay nakalabas na si Leon. Dahan-dahan itong lumayo mula sa puno at nagtago sa kasukalan ng gubat. Lingid sa kaniyang kaalaman ay sinusundan pala siya ni Daga.

"Kumusta ka na, kaibigang Leon, muntik ka nang mahuli ng patibong ng mga mangangaso," ang sabi nito. "Oo nga, mabuti na lamang at nakita mo ako. Maraming salamat sa iyo, kaibigang Daga," ang sagot nito sa maliit na nilalang.

"Walang anuman iyon, kaibigang Leon. Ginantihan ko lamang ang kabaitan mo sa akin. Hindi mo ako sinaktan noong nakaraang nagkatagpo tayo. Ngayon ay nagkaroon ako ng pagkakataong ikaw naman ang aking tulungan kaya't sa aking maliit na paraan ay iniligtas kita nang makita ko na nasa panganib ka."

Pagkatapos ng sandaling pag-uusap ay naghiwalay na ang dalawa. Kapuwa sila panatag dahil alam nila na may kaibigang handang tumulong sa sandali ng kanilang pangangailangan.

**Pagsunod-sunurin ang mahahalagang pangyayari sa kuwentong "Ang Leon at ang Daga". Isulat ang letrang A bilang unang pangyayari hanggang J bilang panghuling naganap sa kuwento. Ilagay ang iyong sagot sa mga patlang sa ibabang bahagi ng *chart*.**

**PANIMULA**

**PATAAS NA AKSYON**

**KASUKDULAN**

**PABABANG AKSIYON**

**WAKAS**

a. Naantig ang damdamin ni Leon at pinatawad si Daga; pinagsabihan at pinalabas ito ng kuweba.

b. Isang hapon, nahuli ni Leon si Daga na patakbo-takbo sa loob ng tinutulugang kuweba.

c. Habang paikot-ikot si Leon sa kagubatan, nahuli si Leon ng patibong ng mga mangangaso.

d. Matapos takutin, tumigil sa pagtakbo si Daga; itinaas ang dalawang kamay at nagmakaawa.

e. Iniwan ng mga mangangaso si Leon na nakakulong sa lambat; itinali nila ang lambat sa isang malaking puno upang balikan kalaunan.

f. Nakatulog si Leon sa pagod; naalimpungatan siya dahil may humihila sa lambat.

g. Nagpasalamat si Leon kay Daga.

h. Nakalabas na si Leon at pumunta ito sa gubat; sinundan siya sa gubat ni Daga.

i. Tinulungan ni Daga si Leon na makawala sa lambat; nginatngat niya ang mga hibla ng lambat hanggang sa lumaki ang butas nito at kaya nang makawala ni Leon.

j. Naghiwalay sila na kapuwa panatag, dahil may kaibigang handang tumulong sa sandali ng pangangailangan.

**SAGOT:**

| | |
|---|---|
| 1. ______________ | 6. ______________ |
| 2. ______________ | 7. ______________ |
| 3. ______________ | 8. ______________ |
| 4. ______________ | 9. ______________ |
| 5. ______________ | 10. ______________ |